Prairie-Hills
Elementary School District

Today's Students ...Tomorrow's Leaders
PRAIRIE-HILLS
Elementary School District 144

3015 W. 163rd Street
Markham, Illinois 60428

COUNTRY CLUB HILLS • HAZEL CREST • MARKHAM • OAK FOREST

MRS. JULIA A. VEAZEY
ASSISTANT SUPERINTENDENT

Mahal na Mga Pamilya,

Layunin namin na siguruhin na ang lahat ng aming mga estudyante ay handang magtagumpay sa kolehiyo at sa karera. Lubos ka naming pinapahalagahan bilang katuwang habang tumutulong kaming suportahan ang malusog na pag-unlad at matagumpay na edukasyon ng iyong anak.

Taun-taon ay ginagamit namin sa pagtatasa ang ACCESS 2.0 upang matukoy ang mga serbisyo sa suporta na batay sa wika na kailangan ng iyong English Learner (EL). Kamakailan lang ay binago ang ACCESS 2.0 upang umayon sa mga pamantayan ng pagiging handa sa kolehiyo at karera ng Illinois. Tinaasan ng Illinois ang mga inaasahan sa paggamit ng wika sa ACCESS 2.0 upang matugunan ang mga pamantayang ito. Bagaman hindi nagbago ang hirap ng mga katanungan sa pagsusulit, kailangan na ngayong ipakita ng mga estudyante ang mas mataas na mga kasanayan sa wika upang makamit ang mga parehong marka ng antas ng kasanayan.

Ang mga puntos ng iyong anak sa 2017 ACCESS 2.0 ay maaaring mas mababa sa kanyang mga puntos sa 2016 ACCESS 2.0, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang iyong anak ay hindi nakagawa ng progreso sa Ingles mula noong nakaraang taon. Mas tumpak na ipapakita ng mga puntos sa 2017 ang mga kasanayan sa wika na kailangang ipakita ng iyong anak bago lisanin ang serbisyong nakabatay sa wika. Masusing sinuri ng isang pangkat ng mga edukador ng Illinois ang datos upang makarating sa bagong composite score ng ACCESS 2.0 na 4.8 na kinakailangan upang makaalis sa pag-uuring EL, na may bisa sa simula ng 2016-17 na taon ng paaralan.

Bagaman ang pagpapataas ng mga pamantayan para makalabas ang mga EL mula sa mga serbisyo ng suporta sa wika ay nangangahulugan na ang ilang mga estudyante ay maaaring tumanggap ng mga serbisyo sa mas matagal na panahon, tiwala kami na ang desisyon na ito ay mas mahusay na ihahanda ang mga estudyante ng EL para sa tagumpay sa edukasyon. Ang link na ito ay magbibigay ng karagdagang impormasyon sa ACCESS https://www.wida.us/Assessment/ACCESS%202.0/documents/UnderstandingScores/WIDA_flyer_cut%20score%20parents.pdf. Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-ugnayan kay. Inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan sa iyo upang matiyak na ang iyong anak ay handang magtagumpay sa kolehiyo, karera, at higit pa.

Buong katapatan,

Mrs. Julia A. Veazey
Assistant Superintendent